

Nakikinig sa mga Albertan: Badyet 2023

Nobyembre 7, 2022

Gustong makarinig ng pamahalaan ng Alberta mula sa mga Albertan habang inihahanda ang Badyet 2023.

Ang Alberta ay patuloy na namumuno sa bansa sa paglago ng ekonomiya at ang Badyet 2023 ay patuloy na ipoposisyon ang lalawigan para sa pag-akit ng pamumuhunan, pag-iiba-iba ng ekonomiya at paglikha ng trabaho. Ang Badyet 2023 ay magpapatuloy sa aming pangako na gawing mas abot-kaya ang pamumuhay, pabutihin ang ating sistema ng pangangalagang pangkalusugan, lumikha ng mga trabaho at manindigan para sa mga Albertan.

“Ang Alberta ang pinakamagandang lugar para manirahan, magtrabaho at magpalaki ng ating mga pamilya. Uunahin ng Badyet 2023 ang mga Albertan sa pamamagitan ng pagsuporta sa ating mga komunidad, mga negosyo at mga pamilya na may mga estratehikong pamumuhunan upang iposisyon tayo para sa isang maunlad na kinabukasan. Inaasahan kong marinig ang iyong mga priyoridad at mga pananaw para sa Badyet 2023. Mangyaring maglaan ng oras upang kumpletuhin ang pagsisiyasat o lumahok sa paano mang paraan na magagawa mo.”

Travis Toews, Presidente ng Lupon ng Tesorerya at Ministro ng Pananalapi

Ang pakikinig sa mga Albertan sa pamamagitan ng mga pampublikong konsultasyon ay isang mahalagang bahagi ng proseso upang bumuo ng badyet ng Alberta. Bilang karagdagan, ang pamahalaan ay tatanggap din ng impormasyon mula sa mga grupo kabilang ang mga pinuno ng komunidad at negosyo.

Maaaring ibahagi ng mga Albertan ang kanilang mga pananaw at mga ideya para sa susunod na badyet sa pamamagitan ng pagsagot sa isang online na pagsisiyasat at pagsali sa mga bulwagan ng bayan sa telepono kasama ang Ministro ng Pananalapi na si Travis Toews. Ang mga negosyo, mga munisipalidad, mga asosasyon sa industriya, mga organisasyong pangkomunidad at iba pang mga grupo ay maaaring magpadala ng

mga pagsusumite ng badyet sa pamamagitan ng aming online na portal sa ngalan ng iyong mga organisasyon.

Ang portal ng pagsisiyasat at pagsusumite sa online ay bukas na ngayon. Para sa higit pang impormasyon sa mga ito at sa iba pang paraan ng pakikipag-ugnayan, pakibisita kami sa alberta.ca/BudgetConsultation.

Mabilis na mga Katotohanan

- Simula sa 2022-23 na unang quarter na pagbabago sa piskalya noong Agosto 31:
 - Ang pagtataya ng kita para sa 2022-23 ay \$75.9 bilyon habang ang pagtataya ng gastos ay \$62.7 bilyon.
 - Nag-iiwan ito ng labis na pagtataya ng \$13.2 bilyon para sa 2022-23, sa malaking bahagi dahil sa pinakamahusay na rekord na hindi nababagong mapagkukunan na pinagmumulan ng kita at mas mataas kaysa sa inaasahang buwis sa kita ng korporasyon.
 - Kasunod ng pagbabayad ng utang na \$13.4 bilyon, ang utang na sinusuportahan ng nagbabayad ng buwis ay tinatayang nasa \$79.8 bilyon sa Marso 31, 2023.
 - Ang netong ratio ng utang-sa-GDP ay tinatantya sa 10.3 porsyento sa pagtatapos ng taon ng pananalapi, na naaayon sa layunin ng lalawigan na panatilihin itong mas mababa sa 30 porsyento, na tinitiyak na ang Alberta ay nasa isang malakas na posisyon upang bayaran ang utang nito.
 - Ang ekonomiya ng Alberta (tulad ng sinusukat ng totoong kabuuan ng pansariling-bansang produkto [gross domestic product] o GDP) ay inaasahang lalago ng 4.9 porsyento sa taong ito.

| Kaugnay na impormasyon

- [Webpage ng konsultasyon sa badyet](#)
- [2022-23 na unang quarter na pagbabago sa piskalya at pahayag sa ekonomiya](#)

| Mga katanungan sa media

Charlotte Taillon

| 780-932-5381

| Kalihm ng Press, Lupon ng Tesorerya at Pananalapi